

1

Halos mapatid ang litid ni Jennifer sa kasisigaw sa pangalan ng pinaka-idolo niyang vocalist ng bandang *Paramore*. She was in *Terminal 5*, a New York City music venue, and crazily fused with the crowd in a wild party with her favorite rock band.

Dahil parang nanlalagkit siya sa pawis nang matapos ang performance ng banda, she decided to go to the ladies room. Pero sa ikatlong pagkakataon nang gabing iyon ay muli siyang natigilan. It was that same feeling again. Parang may malamig na gumuhit sa gulugod niya. She froze as her eyes surveyed the place once more.

May pakiramdam siyang kanina pang may nakamasid sa kanya. She shook her head. She needed to do something about her paranoia. It had been like this since she ran away from home. Simula kasi noong naglayas siya ay madalas na siyang nakikipagpatintero sa mga tauhan ng daddy niya na nagtatangkang hulihin siya at ibalik sa Pilipinas. Daig pa niya ang most wanted.

Pero gaya kanina, binalewala niya ang nararamdaman. Nagkibit-balikat siya at patuloy na

naglakad. She was already halfway to the ladies room when her knees started to tremble, noon niya natiyak na may sumusunod nga sa kanya.

She gasped audibly.

Hanggang sa CR ba naman?

Lalo niyang binilisan ang lakad, but the footsteps behind her hastened as well. Sumibat na siya ng takbo. Pero humabol din ang mga nasa likuran niya.

Jennifer stopped when they caught up with her. Napapalibutan na siya ng mga ito. Nanlaki ang mga mata niya nang mapagtantong hindi ang mga tauhan ng daddy niya ang humahabol sa kanya kundi iyong grupo ng mga lalaking nasa likuran niya kanina, obviously youngsters.

She was relieved, somehow. “What do you want?” she irately asked.

Lumapit ang isa sa mga ito.

She instinctively stepped back.

“Hi,” nakakalokong bati nito, pagkatapos ay ngumisi.

Napaatras ulit siya. Bigla siyang kinabahan sa klase ng pagkakatingin nito sa kanya. Hindi bastusin

ang suot niya, conservative iyon kung ikukumpara sa suot ng ibang nanood ng concert.

“You look really hot, Honey.” Napasigaw siya sa anas na iyon ng isa pang lalaki na nasa likuran pala niya. Hinablot siya nito sa braso at idinikit sa katawan nito. “I wanna take you right here, right now,” he whispered.

Nandidiring itinulak niya ito palayo, lalo na nang mahagip ng ilong niya ang amoy alak na hininga nito. Iginala niya ang tingin. Only to realize that there was no one around to help her. “I d-don’t have time to play with boys like you.”

Nagdilim ang mukha ng apat, halatang hindi nagustuhan ang kanyang sinabi.

“You really wanna play hard to get, huh?” One guy stepped forward, she took a step back, only to be trapped again by the man behind her.

“Y-you couldn’t possibly be thinking of doing anything against my will.” Kailangan niyang umisip ng paraan upang makalayo sa mga ito. Kung alam lang niyang may ganitong mangyayari ay hindi sana siya nag-attend ng concert nang mag-isa. Napaigik siya nang bigla na naman siyang hatakin ng isa sa mga lalaki.

“I’m getting real excited to touch your body.”

“Touch her and you’re dead.”

Natigil ang gagawing pagdampi sana ng mga labi ng estranghero sa mukha niya nang dumagundong ang malagom na boses na iyon sa buong hallway. Sa paglipad ng kanilang mga paningin sa bagong dating, sabay ring nanlaki ang mga mata nila.

There stood a man with dark eyes, with fists that threatened to kill.

Benjamin!

Tila mas nagalit ang mga umaatake sa kanya. Pero binitawan siya ng nakahawak sa kanya at galit na galit na hinarap si Benjamin.

“Who the f*ck are you? You get the f*ck outta here, asshole! Imma kick yo f*ckin’ ass!”

“I’ll only say this once, little boy.” Benjamin strode toward them, giving her a furious stare. “Let her go.”

She was frightened. Mas natatakot pa nga yata siya sa galit na nakikita niya sa mga mata nito kesa sa pangha-harass sa kanya.

Mukhang natakot din ang mga lukoluko, tila

hindi inaasahan ng mga ito na papalag si Benjamin dahil mag-isa lang ito.

Well, Benjamin was a certified ringleader. Wala pa yata itong pinalampas na basag-ulo. He was bad-tempered, almost to the point of rudeness. Nagsasawa na nga siyang mabalitaan noon na nasangkot ito sa gulo.

“You want to play, huh? We’ll give you a fuckin’ game you won’t forget.” Binitawan siya ng mga nakababatang lalaki at nagsimulang palibutan ng mga ito si Benjamin. The guys looked like they were ready to eat him alive, ngunit tila balewala lang iyon kay Benjamin De Calibre. He even gave her assailants a vicious grin that made the youngsters angrier.

Parang natigil ang kanyang paghinga nang simulang atakehin ng mga binatilyo si Benjamin. Daplis ang suntok ng isa sa mukha ng huli. The other missed a kick. The other two attacked him at the same time. Magaling mang umilag si Benjamin ay hindi nito agad naiwasan ang bigwas ng huling umatake rito.

Sapul ito sa mukha, making the side of his sexy lips bleed. He leisurely wiped off the blood with the pad of his thumb. Agad niyang napuna ang panlilisik ng mga mata nito. Kasunod niyon ay ang pagpapaulan nito ng suntok, sipa at tadyak sa mga

binatilyo. Nanlaki ang mga mata niya sa nakita, halos bagsak na ang apat sa sahig!

“B-Ben... stop it,” saway niya nang mapansing wala pa rin itong balak tumigil. “You might kill them.”

His flaming eyes then shifted to her. Pinigilan niya ang mapasinghap dahil sa ginawa nito, ngunit hindi niya nagawang itago ang panginginig niya. When Benjamin saw her shaking hands, he stopped right away. Gone was his fiery stare, dagling nagkalambong ang mga mata nito. Napamura ito bago ibinaba ang paang nakaamba.

“Next time I see you, I won’t even hesitate to kill you,” panghuling babala nito bago iniwan ang mga lalaking nakahambalang sa sahig. “And you, come with me!” He snatched her hand at hinila siya palabas.

“B-bitawan mo ako.”

Ngunit sa halip ay mas humigpit pa ang pagkakahawak nito sa kamay niya. Pagkatapos ay halos pabalya siya nitong pinakawalan nang marating nila ang parking lot ng gusali.

“What do you think you’re doing?” asik nito.

Agad na nagsalubong ang mga kilay niya. Biglang

nawala ang takot niya rito, napalitan iyon ng galit. “Hindi ba’t ako dapat ang nagtatanong niyan sa ’yo? What do you think you’re doing? Ano’ng karapatan mong kaladkarin ako palabas?” singhal niya.

Bumalik ang madilim na hitsura nito kanina. He was obviously outraged by her fuming answer. “When will you grow up? Look at yourself, darn it! Damit pa ba ang tawag mo diyan? You were almost raped! Were you even thinking? How can you go to a place like that alone, na ganyan ang suot mo? I wanted to whip you, brat.” Nagtitimping napahalukipki siya habang pinag-aaralan ang kabuuan ng lalaki. He hadn’t changed. Hobby pa rin nito ang pagalitan siya.

“Bakit ba ako nagtatiyagang makipag-usap sa ’yo? Kelan ba kita nakausap nang matino?” tuya niya, iritadong napailing. “Hindi pa Sunday pero nakatanggap na ako agad ng sermon, thanks to you, Father,” sarkastikong patutsada niya.

His lips thinned. “Why did I even accept your scoundrel brother’s offer? Man, I need my head examined!” Mukhang nauubusan na ito ng pasensya.

Natuwid ang gulugod niya sa sinabi nito. “W-what did you say?”

Hindi ito kaagad sumagot, bagkus ay tumingin

ito sa kanya, ginaya ang tingin niyang nanunuri kanina. Lamang ay nagtagal ang tingin nito sa dibdib niya, hapit doon ang suot niyang itim na tank top. Agad siyang pinamulahan ng mukha sa inasal nito.

“He asked me to take you home,” he said matter-of-factly. Napasulyap ito sa kotse nito. “Shall we go?”

Napaismid siya. “You really think I’ll make it that easy for you?” she scorned. “Tell my brother that I’m not going back. At least, not yet.” Tumalikod na siya at nagsimulang humakbang palayo.

“Jennifer!”

Napatda siya nang marinig ang awtoridad sa boses nito. Naniningkit ang mga matang binalingan niya ito.

“Look, alam kong pareho nating hindi matagalan ang presence ng isa’t isa. I know this might sound ungrateful, but... just leave me alone. Salamat sa ginawa mong pagliligtas sa ’kin, pero kahit ano’ng gawin mo, hindi mo ako mapapabalik ng Pilipinas.”

“Sa ’yo na nanggaling, I saved your ass back there. You owe me, lady.” Napangisi ito nang makita ang pagsiklab ng galit sa mga mata niya. “At ang gusto kong kapalit, bumalik ka sa Pilipinas at umuwi ka na sa inyo. At para naman matapos na rin ang trabaho

ko sa kuya mong nam-blackmail sa akin, utang na loob, gawin mo na ang gusto nila.”

“Blackmail? What do you mean? A-ano’ng kapalit ng pagtulong mo kay Kuya na mapabalik ako sa Pilipinas?”

Dahan-dahan itong lumapit sa kanya at bumulong, “Kung ginagamit mo ang utak mo, alam mo na dapat kung bakit blackmail ang tawag d’un. It’s because you’re not supposed to reveal compromising information.”

At hindi na siya nakahuma nang hawakan nito ang braso niya at itulak siya papasok sa pinto ng front passenger seat ng kotse nito. Bago pa siya makabababa ay nasa driver’s seat na ito at binubuhay na ang makina ng sasakyan.

“Benjamin De Calibre, you are one—”

“—hell of a sexy guy. Yeah, Sweetheart, I know.”

Inis na ibinangga niya ang likod sa sandalan ng upuan. “S’an tayo pupunta?” tanong niya nang mapakalma ang sarili.

“To my hotel suite, where else?” sagot nito na sa daan nakatingin. Pagkatapos ay nagseryoso ito. “JenJenny, you nearly got raped. You think I’m in the

mood for your-place-or mine questions?”

Inirapan niya ito. “I need my things, my clothes,” dahilan niya.

“You can buy all the stuff that you need at the hotel. Or somewhere near. I’m sure may isa o dalawang convenience stores tayong madadaanan.” He smirked.

Napabuntong-hininga siya, matagal na nanahimik pagkuwa’y, “I don’t want to go home. Handa akong ibigay ang lahat sa ’yo, pabayaang mo lang ako.”

“Minsan mo na akong natakasan dahil sa linya mong iyan. Do you really think I’d be fooled twice?” singhal nito. She rolled her eyes. “Will you at least tell me kung ano ang kailangan mo sa Kuya ko at handa kang pagtiisan ang presensya ko?”

“I need his signature to close an important deal, and the only way I could get that is to deliver you to your father. Happy now?”

“I hate you,” she muttered.

“Good. I hate you, too.”

2

Pumasok sa silid ng hotel si Benjamin. Hindi maiwasang maningkit ng mga mata ni Jennifer pagkakita rito.

“Here.” Inabutan siya nito ng isang baso ng juice mula sa kadarating na hotel service na ito rin mismo ang tumawag.

Nakaismid na tinanggap niya iyon, ni hindi siya nag-thank you. Nakita niya ang pag-iling nito. She suspiciously eyed the juice, thinking if she’d take a sip or not.

“Walang lason iyan, don’t worry,” sarkastikong anito.

“Naniniguro lang.” Ininom niya ang juice.

“Nakabili na ako ng ticket pauwi. In a few hours, we’ll be flying back home,” imporma nito.

“Hindi ko alam kung bakit ka pumapayag na magpamando kay Kuya Arty,” she started. “Hindi mo kailangang sundin lahat ng sinasabi niya. Where’s your pride?”

“Like you care. Spare me the drama. At kung

nakakalimutan mo, hindi ako basta-basta gumagawa ng mga bagay na alam kong wala akong makukuha.”

She sighed in exasperation. Mukhang wala na talaga siyang kawala, mapapauwi na siya ng Pilipinas ng di oras.

“Alam mo bang worried na sa ’yo sina Arty at Tito Vince?” tukoy nito sa kapatid at daddy niya. “Ano ba kasi ang ginagawa mo rito?”

That question made her pause. Nakaramdam siya ng pag-aalinlangang sumagot. Maiintindihan ba nito? Could she trust him? Nakakasiguro ba siya na hindi siya nito pagtatawanan?

“They are waiting for you,” he said.

Naramdaman niya ang pag-iinit ng sulok ng kanyang mga mata at ang paninikip ng kanyang dibdib. She bit her lower lip. Realization hit her. Noon niya napatunayang sa tinagal-tagal na umalis siya sa poder ng kanyang ama ay wala pa rin siyang napatutunayan. Ilang beses siyang sumubok, ngunit sa huli ay bigo pa rin siya.

“J-Jennifer...” Dinig niya ang pagkataranta sa boses nito.

She avoided his eyes and tried to conceal the

pain she felt right then. His hands reached out for her, ikinulong siya nito sa mainit nitong mga bisig.

As if on cue, kusang tumulo ang kanyang luha. Napasubsob siya sa dibdib nito at doon ibinuhos ang lahat ng sakit na nadarama niya. His hands gently caressed her back, making her sob all the more. Naramdaman niya ang panaka-nakang pagdampi ng mainit na mga labi nito sa kanyang buhok.

“Hush, Baby,” he whispered.

She looked up at him and met his gaze. Dahan-dahang bumababa na ang mukha nito palapit sa kanya. Napapikit siya. His sweet lips captured hers. Hindi na siya sigurado kung totoo o paniginip lang ang lahat. Dahil halos kasabay ng paglapat ng mga labi nito sa mga labi niya ay tila umikot ang paligid niya. At sa muling pagmulat ng kanyang mga mata, naroon na siya sa isang lugar na hindi pamilyar sa kanya.

“Gising ka na pala.”

Tuluyang bumukas ang mga mata niya nang marinig ang pamilyar na boses na iyon.

“B-Benjamin?” She caught her breath nang mabungaran itong matamang nakatingin sa kanya.

“Surprised?” nakakalokong tanong nito. Nasa paanan ito ng kamang hinihigaan niya. “How was your sleep, Sleeping Beauty?” he teased.

“Kanina ka pa ba diyan?” sita niya.

Tiningnan nito ang pinto. “Kapapasok ko lang.”

Bahagyang kumirot ang kanyang ulo at nasapo niya iyon. Marahil ay dahil iyon sa biglang bangon niya nang makitang pinanonood siya nito.

Napasinghap siya nang mabilis na lumapit sa kanya si Benjamin at inalalayan siya para muling mahiga. Hinawakan nito ang kanyang ulo at maingat na inilapat iyon sa malambot na unan.

“Easy, Honey.”

Nang medyo umayos ang pakiramdam niya ay napatingin siya sa binata. May pag-aalala sa mga mata nitong nakatitig sa kanya.

Nakaka-conscious.

“Where am I?” Inilibot niya ang paningin sa kabuuan ng kuwartong kinaroroonan niya. Sigurado siyang hindi iyon ang hotel room na pinagdalhan nito siya kanya.

“Welcome to the *De Calibre Mansions*,” sagot nito.

Her jaw dropped. “How—?”

“Nandito ang lahat ng mga gamit mo.”

Napatingin siya sa kisame pagkatapos ay mariing napapikit, pilit na inaalala ang mga nangyari.

Walang lason iyan, don't worry...

Iminulat niya ang mga mata pero hindi na nagtangkang bumangon. “May inilagay ka sa juice na ininom ko?”

“Yeah, sleeping pills,” balewalang sagot nito.

She helplessly clenched her fists. “Kailangan mo ba talagang lagyan ng gamot ang inumin ko para lang maiuwi ako?”

“Nanigurado lang ako.” Tumalim ang tingin nito. “At para mas madali. See, buong biyahe kang tulog.”

“You selfish jerk.”

“What else is new? Pumasok lang ako para gisingin ka na. I thought Sleeping Beauty needed a kiss to wake her up.”

Nag-init ang mga pisngi niya. Tumagilid siya ng higa at ikinubli ang mukha rito. “Go away, Ben.”

“Don't worry, mayamaya lang ay narito na ang

sundo mo. It'll be a long time before you see my face again.”

Saka lang siya nakahinga nang maluwag nang marinig na bumukas-sara ang pinto, hudyat na nakalabas na ito.

“Kumain ka na ba?”

Napabaling si Jennifer sa kaswal na tanong ng kanyang amang si Vincent. Pababa ito ng grand staircase ng kanilang mansion sa Bicol, ang ancestral house ng mga Evangelista, na katabi lang ng malawak na lupain ng mga De Calibre. Matagal nang magkakilala ang dalawang pamilya.

Naninibago siya sa ama. Walang panahon si Vincent Evangelista sa mabababaw na usapan. Matagal na niyang naisip na ito marahil iyong lalaki na hirap magpakita ng emosyon. Parang kasing-tigas ito ng monumento ni Dr. Jose Rizal sa Luneta.

Posible nga kayang nagbago ito sa dalawangtatlong taon na nawala siya? Dapat ba niyang asahan na yayakapin siya nito para iparating na natutuwa ito at nakauwi na siya?

“Uh... opo, kumain na ako,” she quietly answered.

“Good. I’m sure you’re tired. Magpahinga ka na sa kuwarto mo.” Nang tuluyang makababa ng hagdan ay dere-derechong nilagpasan siya nito.

So much for the big welcome, huh? naisip ni Jennifer.

“Won’t you give your handsome brother a hug?”

Nakangiting lumapit siya sa bagong dating at binigyan ito ng isang mahigpit na yakap. Gumanti ito ng yakap at hinalikan ang noo niya.

“I missed you, Kuya. Bakit hindi ikaw ang sumundo sa akin, ha?”

“Pasalamat ka at ipinasundo pa kita. Kapit-bahay lang natin ang mga De Calibre. Puwede ka ngang maglakad.”

Kagyat siyang napasimangot sa isinagot nito sa paglalambing niya. Naiinis na tinampal niya ito sa braso at kumalas sa pagkakayakap dito. “Para naglalambing lang, eh.” She pouted.

Naglakad siya patungo sa malawak na living room. Iginala niya ang tingin. Halos walang nabago sa ayos. Naupo siya sa leather sofa. Tumabi ang kapatid niya. Nang sumandal siya at bumaling dito ay napansin niya ang tingin nito—nag-aalala.

“Dad wants you to work at his company,” he uttered.

Matagal na niyang alam ang bagay na iyon. Pumeke siya ng ngiti. “Di ba pangarap ni Daddy iyan para sa akin noon pa?” Hindi niya itinago ang pait sa kanyang tono.

“Jenny...”

“Ngayong nakulong na ulit ako sa poder ni Daddy, may magagawa pa ba ako? Malamang wala na.” Isang pagak na tawa ang pinakawalan niya.

Nagkaroon ng lambong ang mga mata ng Kuya Arty niya. Alam niyang naiintindihan nito ang sentimyento niya, pero alam ni Jennifer na hindi puwedeng ang kuya niya ang makipaglaban para sa mga karapatan na hinihingi niya. “Puwede ka namang makawala sa kontrol ni Dad kung gusto mo talaga.”

“Let’s hear it then,” interesadong usisa niya.

“Marry Benjamin.”

“What?” Napaangat ang likod niya mula sa sofa kasabay ng pagsigaw niya.

“Kidding,” natatawang anito. Umilag ito sa pinakawalan niyang suntok. “Hey, I’m just trying to

make you smile.” Ngumisi ito.

Inirapan niya ito, pilit di pinapansin ang kabang nagpabilis sa tibok ng kanyang puso nang marinig ang suhestiyon nito.

“Kumusta ka?” pag-iiba niya sa usapan.

“Walang sakit ng ulo n’ung wala ka,” malokong sagot nito. “Ikaw, kumusta ang buhay mo malayo sa amin?”

Malungkot siyang ngumiti rito at nagsimulang magkuwento.

“What did you want to prove when you left and refused to return home?” derechong tanong ng kanyang ama bago pa man siya makaupo sa harap nito.

Ipinatawag siya nito pagkatapos ng hapunan.

Napalunok siya sa tonong ginamit nito, pero maayos na naupo at matapang na sinalubong ang mga mata ng ama.

“I wanted you realize that I have my own life to lead. I have dreams, and I wish to fulfill them.”

“Bakit, ano ba’ng mga pangarap mo sa buhay?”

Ang mag-party gabi-gabi? Ang mag-bar hopping sa America? Ang magsayang ng pera?” Pagkatapos ay tumawa ito nang pauyam. “O ang magpatayo ng business para lang malugi sa huli?”

Natahimik siya sa pagpipigil na maluha. Sinubukan din niyang mag-isip ng puwedeng isagot dito. But to her utter dismay, she just couldn't think of anything to say.

“Iyon ba ang klase ng buhay na gusto mo kapalit ng magandang buhay na ibinibigay ko sa 'yo?” he continued.

“Yes,” walang gatol niyang sagot. “It's the kind of life I want. I want to be free, Dad. Free as a bird. Iyong may karapatang mamili, may chance na makaranas ng kabiguan dahil mali iyong pinili ko. Have the chance to learn from my mistakes. Hindi ako perpekto. But you're asking me to be,” naghihinanakit na sumbat niya.

Nakita niya kung paanong natigilan ang ama. Tila hindi nito inaasahan ang pagsagot niyang iyon. Bakit hindi? Iyon ang unang pagkakataon na nagkaroon siya ng lakas ng loob na magsabi rito ng nararamdaman niya. Nagpatali siya noon sa takot dito. But things were different now. She'd become braver.

“I let you have the kind of life you said you wanted. I gave you the freedom to do everything you wanted. Pero sapat na ang tatlong taon,” anito nang makabawi mula sa pagkabigla.

“Sorry, Dad, but twothree years would never be enough. From now on, I’m making my own choices and decisions,” matapang niyang deklara.

Tumaas lamang ang sulok ng mga labi nito. “Hangga’t wala ka pang napatutunayan sa akin, you will do as I wish. At ako pa rin ang magpapatakbo sa buhay mo.”

Tumayo na siya. “I don’t think so, Dad. Good night.” At tumalikod na siya para tunguhin ang pinto.

3

“Mag-merienda ka muna.”

Jennifer’s eyes shifted from her notebook to Cadbury’s inquisitive eyes. Nakangiti ang kanyang hipag habang masuyong inilalapag sa harap niya ang isang tray na may lamang dalawang baso ng orange juice at tig-isang platito ng chocolate cake.

Binisita niya ito pagkagaling sa opisina ng Kuya Arty niya. Sumabay na siya sa mag-asawa nang lumuwas ang mga ito ng Maynila galing Bicol. Sa ngayon ay tumutuloy siya sa condominium unit niya sa Ortigas sa halip na sa residential house nila sa Makati. Hangga’t maaari ay ayaw niyang magpanagpo sila ng kanyang ama.

Pansamantalang tumutuloy ang mag-asawa sa rest house ng mga Evangelista. Malapit lang iyon sa mansion nila at sa lupain ng mga De Calibre. “Kanina ka pa tutok na tutok diyan sa ginagawa mo, ah. Ano ba iyan?” Umupo ito sa katabi niyang upuanpagkatapos ay niang ginagawa .

“Kinukuwenta ko ang naipon ko,” sagot niya. Noong nasa New York pa siya ay nagtrabaho

siya bilang executive assistant sa isang maliit na advertising firm. Sumubok siyang mag-negosyo, pero hindi iyon gaanong nag-click. “Kaso kulang pa rin talaga, eh.” Napailing siya.

“Para ba d’un sa restaurant na balak mong ipatayo?” usisa nito. JenJenny nodded. “Bakit hindi ka humiram sa Kuya Arty mo? May savings pa naman kami,” suhestiyon nito.

She shook her head. “Kilala mo naman si Dad. Lalo lang siyang magdududa sa kakayahan ko pag nalaman niyang pati kayo ni Kuya idinamay ko dito,” tanggi niya. “Pero salamat sa offer. Siyempre, hindi ako puwedeng magbenta ng kahit anong property, dahil wala pa naman talaga akong naipupundar kahit nasa pangalan ko pa ang mga iyon.”

“Pero walang masasabi si Tatay VinceEh, kung kay Benjamin ka hihumingi ng tulong,?” tukoy ni Cadbury sa nakababata nitong kapatid, nasa cake sa harapan nito ang mga mata. “At puwede ring hindi niya malaman.”

Napatingin siya sa hipag, naibaba ang tinidor na gagamitin sana niya para tikman ang cake. She cleared her throat.

“Alam mo namang hindi kami magkasundo

ni Ben,” saad niya, at itinuloy na ang pagtikim sa merienda.

Napailing si Cadbury.

Hindi na lang niya sinabi na galing na siya sa opisina ni Ben kahapon. At sinabi ng lalaki na wala itong tiwala sa proposal niya. Ano pa nga ba ang inaasahan niya? Sarili nga niyang ama hindi naniniwala sa kakayahan niya, si Ben pa kaya na mortal na kaaway niya? Kung hindi lang niya talaga kailangan ng investor, nunca siyang lalapit sa lalaking iyon.

Siyempre, isinaalang-alang niya na pakikilingan siya ng damuho dahil halos kapamilya na ito. After all, pinakasalan ng ate nitong si Cadbury ang Kuya Arty niya, di ba?

“Tutulungan ka daw ba niya?” tanong ni Cadbury.

“A-ah, babasahin pa daw niya ang proposal ko,” pagsisinungaling niya. “Ang sarap nitong cake. Ikaw ba ang gumawa nito?” iwas niya.

Hindi nito binili ang paglilihis niya ng paksa. Inilabas nito ang cell phone mula sa bulsa nito at nag-dial doon. Mayamaya pa ay may kausap na ito sa kabilang linya.

“I need a favor. Dumaan ka naman dito sa rest housebahay, o,” malambing nitong sabi.

Hindi siya tanga para hindi mahulaan kung sino ang kausap nito sa kabilang linya. Napakagat-labi siya. Baka mamaya ay akusahan pa siya ni Benjamin na sumbungera. Napangiwi siya. Patay-malisya niyang ipinagpatuloy ang pagkain. Her ears were alert though.

“Sige na, minsan lang akong makiusap sa ’yo. At saka, di mo ba alam, bawal tumanggi sa buntis,” sabi pa nito, at tiningnan ang tiyan.

Pinigilan ni Jennifer ang mapabuntong-hininga. Kung hindi lang ito anim na buwang buntis, makikipagtalo rin siya sa hipag.

“Okay, see you in thirty minutes.” Inilapag nito ang cell phone sa mesa at inumpisahang lantakan ang merienda.

Nakangiwing napailing na lang siya. Bahala na. She needed Ben’s help. Hindi na siya mag-iinarte.

“What is she doing here?” may pagdududang tanong ni Benjamin sa kapatid nito pagtapak nito sa living room ng rest housebahay ng mag-asawang

Cadbury at Arty.

Lumipat sila roon ng hipag pagkatapos magmerienda.

“Dinadalaw ako,” painosenteng sagot ni Cadburyg ate nito.

“Yeah, right,” sagot ni Ben. “I’m leaving.”

“Sit down!” utos ni Cadbury.

Napabuntong-hininga si Ben, pero hindi na ito nakipagtalo. “Akala ko ba ikaw ang may kailangan ng pabor?”

“Ako nga,” sagot ni Cadbury, tumabi sa kapatid nitong nasa sofa, at pagkatapos ay bumaling kay Jennifer na nasa pang-isahang couch. “Para sa akin, gGusto kong basahin mo ang business proposal ni JenJenny. At pag-usapan n’yo ang tungkol d’un.”

“It’s okay, Ate Cad. Isa pa ay may nahanap na akong makakatulong sa akin. Si Janine, remember? It’s gonna be all right,” sabat niya.

“See? Wala na siyang problema. So, makakaalis na ako.” Tatayo na si Benjamin nang pigilan ito ng kapatid at muling higitin paupo sa tabi nito.

“You stay. May problema iyan sa pera. Kulang

ang puhunan niya. Hindi makakatulong si Janine sa department na iyon. Kaya dapat mong tanggapin 'yung proposal niya.”

“Dapat?” nakakainsultong gagad ni Ben.

“Ayos lang, Ate Cad. I’m sure I’ll think of something.”

“She’s right. Kaya na niyang mag-isip ng paraan para sa problema niya,” sang-ayon ni Ben.

“Tama. Hindi ko na kailangan ang tulong ng iba diyan,” parinig niya.

“Narinig mo ’yun? Hindi na raw niya kailangan ng tulong. She’s too proud. Sino naman ang tutulong diyan?”

“Hindi ko kailangan ang tulong ng mga taong napipilitan lang na tulungan ako.”

“Lalong hindi ko tutulungan iyong mga taong hindi marunong humingi ng tulong nang maayos.”

“Enough! Sumasakit na ang tenga ko sa inyong dalawa,” saway ni Cadbury. “Ano ba ang ayaw mo sa proposal ni Jenny?”

“You want me to throw good money after bad? Akala mo hindi ko alam na sumubok na siya dati at

walang nangyari? Ano ang assurance ko na pag hindi nag-boom ang project niyang 'to, hindi na naman 'yan maglalayas at magtatago sa pamilya niya?"

Jennifer was speechless. He had a point. Sakaling hindi ulit mag-click ang negosyong balak niya, ano nga ba ang plano niya?.

“At least help her to raise the money. Ayaw mong ipahiram sa kanya, ayaw niyang magtrabaho sa kompanya ni Tatay Vince para kitain iyon. Why not give her a job in your company? Tulungan mo man lang siya—well, d’un sa makikinabang ka rin,” suhestiyon ni Cadbury.

Gustong mapailing ni JenJenny. Kilala talaga ng hipag niya ang kapatid nito.

“I can’t think of anything,” mabilis na sagot ni Ben.

“Can’t or won’t? Di ba kailangan mo ng bagong secretary?” sita nito sa kapatid, pagkuwa’y bumaling sa kanya. “At ikaw naman, kailangan mo ng pera pandagdag sa puhunan mo,” baling nito sa kanya.

“Ayokong magtrabaho sa kompanya, ayoko ng may boss,” paliwanagsabat ni JenJenny.

“Well, magtiis ka muna. Or mamili ka: sa

kompanya ng tatay mo, o bilang secretary ni Ben. Ikaw rin, malaking magpasahod 'yan. Or you two can strike a deal, ibibigay niya sa 'yo ang perang kailangan mo, at magtatrabaho ka naman sa kanya for a specified length of time.”

“But how can I run a restaurant and do a nine-to-five job at the same time?”

“Akala ko ba kukunin mong manager ang kaibigan mong si Janine? Be a sleeping partner for a while. I'm sure you have enough capital para makapag-umpisa kahit paano, kahit hindi pumayag 'tong si Ben na mag-invest,” payo ng hipag niya. “And I'm suresigurado akong na mapapakiusapan mo siya pag kailangang-kailangan ka talaga sa restaurant mo.”

Napabuntong-hininga siya. “Ang tanong, payag ba si Ben na maging secretary niya ako?”

Tiningnan ni Cadbury ang kapatid. “Tatanggihan mo ba naman ako?” matamis nitong tanong.

Napangiwi si Ben. “When can you start?” tanong ng binata sa kanya.

“Whenever you're ready,” sagot niya, alam na palabas lang iyon para tantanan na sila ng ate nito.

“Hindi naman pala imposibleng magkasundo

Girl Be Mine - Eunice Xyra

kayo, eh,” nakangising komento ni Cadbury kapagdaka. “Why don’t you talk some more? Maiwan ko muna kayo.”